



Pagtuturo sa Sariling Wika: Ang Hamon ng Pagpapanatili ng Lokal na Wika sa Paaralan

Lizabeth G. Ringor

Zamboanga Peninsula Polytechnic State University, R.T. Lim Boulevard, Baliwasan Zamboanga City 7000

Corresponding email: lringor@zppsuh.edu.ph

Sa unang araw ng pagpasok ng isang bata sa paaralan, dala niya hindi lamang ang kaniyang bag at mga gamit. Dala rin niya ang wikang unang narinig sa tahanan— ang wikang ginamit ng kaniyang pamilya upang magkuwento, magpayo, maglaro, at magpahayag ng damdamin. Sa isang bansang may napakaraming wika, ang pagdadala ng sariling wika sa silid-aralan ay mahalagang bahagi ng isang edukasyong kumikilala sa pagkakakilanlan ng mag-aaral. Ngunit nananatiling hamon kung paano mapapanatili ang lokal na wika habang kailangang matutuhan ng mga bata ang Filipino at English.

Ang Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) ay nilikha upang bigyan ng mas malaking espasyo ang mga lokal na wika sa unang yugto ng edukasyon. Sa Pilipinas, isinama ang mother tongue bilang medium of instruction sa Kindergarten hanggang Grade 3 sa ilalim ng K–12 reform. Gayunman, ang pagpapatupad nito ay hindi naging simple. Ipinakita ni Parba (2018) na ang mga guro sa isang Cebuano-speaking public elementary school sa Northern Mindanao ay una munang nagkaroon ng pagtutol sa MTB-MLE. Nagbago ang kanilang pananaw nang makita nila ang pedagogical benefits ng paggamit ng mother tongue. Gayunman, nanatiling hamon ang English-only ideology dahil iniuugnay ito ng ilan sa global opportunities.

Ipinapakita nito na ang pagpapanatili ng lokal na wika sa paaralan ay hindi lamang usapin ng curriculum. Nakaugat din ito sa mga paniniwala ng mga guro, magulang, at mag-aaral tungkol sa halaga ng isang wika. Kung itinuturing ang English bilang mas kapaki-pakinabang at ang local language bilang hindi sapat para sa academic learning, magiging mahirap ang tunay na pagpapatupad ng mother-tongue instruction.

Mahalaga rin ang aktuwal na paraan ng paggamit ng maraming wika sa classroom. Sa pag-aaral ni De Los Reyes (2019) sa multilingual third-grade classrooms sa Mindanao, nakita na ang teachers at learners ay gumagamit ng translanguaging habang nagtuturo at natututo ng English. Ipinakita nito na hindi kailangang manatiling hiwalay ang mga wika sa classroom. Maaaring gamitin ng mga mag-aaral ang kanilang buong linguistic repertoire upang mas maunawaan ang mga konsepto at makilahok sa talakayan.

Mas pinagtibay ito sa mas bagong pag-aaral ni De Los Reyes (2024), na nakatuon sa translanguaging sa multilingual elementary classrooms sa Pilipinas. Natuklasan niyang gumagamit ang teachers at learners ng tatlong wika sa iba't ibang patterns upang mapakinabangan ang kanilang linguistic resources sa discussion at assessment at upang mapabuti ang understanding. Iminungkahi ng pag-aaral na kilalanin ang ganitong practice dahil bahagi ito ng natural na multilingual behavior at maaaring maging pedagogically beneficial.

Gayunman, hindi sapat ang pagkakaroon ng policy kung mahina ang implementation. Sa pag-aaral ni Velasco (2025), sinuri ang karanasan at collective language beliefs ng 25 teachers na nagpapatupad ng MTB-MLE sa dalawang urban Philippine school districts. Ipinakita ng pag-aaral na ang language ideologies ng mga





guro ay may malaking papel sa paraan ng pagpapatupad ng policy. Ang opisyal na polisiya ay kailangang isalin sa aktuwal na classroom practice, at nangangailangan ito ng patuloy na teacher support at ideological engagement.

Mas malinaw ang laki ng hamon kapag isinasaalang-alang ang linguistic diversity ng bansa. Sa pag-aaral nina Igarashi et al. (2024), ipinakita na ang Pilipinas ay may humigit-kumulang 180 wika at ang MTB-MLE ay gumamit ng 19 na wika bilang language-of-instruction options. Natuklasan ng kanilang analysis na ang mataas na linguistic diversity ay nagpapakomplikado sa implementation. Sa kanilang estimates, nagkaroon ng negatibong epekto ang program sa reading skills at foundational mathematics ng unang cohort na ganap na exposed sa policy. Hindi nito nangangahulugang walang halaga ang mother tongue. Sa halip, ipinapakita nitong kailangang maingat na idisenyo ang language policy ayon sa aktuwal na linguistic conditions at educational resources ng bawat komunidad.

Lalong naging mahalaga ang usaping ito dahil noong 2025 ay naglabas ang Department of Education ng implementing rules para sa Republic Act No. 12027, na nagdiscontinue sa mandatory use ng mother tongue bilang medium of instruction mula Kindergarten hanggang Grade 3 at nagbigay ng optional implementation sa monolingual classes. Samantala, ipinakita nina Metila et al. (2025) na ang pagbaba ng political priority ng MTB-MLE ay may kaugnayan sa implementation difficulties, leadership transitions, weak actor power, at pagtaas ng appeal ng early English immersion.

Sa ganitong kalagayan, ang pagpapanatili ng lokal na wika sa paaralan ay nangangailangan ng higit pa sa isang subject o language policy. Kailangan ng mga guro na may sapat na linguistic at pedagogical preparation, learning materials na angkop sa lokal na konteksto, at mga paaralang handang makipagtulungan sa pamilya at komunidad. Mahalaga ring kilalanin na ang Filipino at English ay hindi kailangang maging kalaban ng local languages. Maaaring matutuhan ng isang bata ang tatlo o higit pang wika habang pinananatili ang kaniyang unang wika.

Ang paaralan ay maaaring maging lugar ng language loss, ngunit maaari rin itong maging lugar ng language preservation. Kapag naririnig ng isang bata ang kaniyang sariling wika sa silid-aralan, nakikita niya na ang wikang ginagamit sa kaniyang tahanan ay may halaga rin sa mundo ng kaalaman. Kapag ginagamit ito sa pagbabasa, pagkukuwento, talakayan, at pagkatuto, nagiging bahagi ito ng kaniyang academic identity.

Sa huli, ang pagtuturo sa sariling wika ay hindi lamang usapin ng pagpili ng medium of instruction. Ito ay tanong kung anong mga wika ang binibigyan natin ng puwang upang mabuhay. Ang pagpapanatili ng lokal na wika sa paaralan ay nangangailangan ng balanseng multilingual education—isang sistemang naghahanda sa mga bata para sa pambansa at pandaigdigang mundo nang hindi hinihiling sa kanilang iwan ang wikang unang bumuo sa kanilang pagkatao.

References

- De Los Reyes, R. A. (2019). *Translanguaging in multilingual third grade ESL classrooms in Mindanao, Philippines*. *International Journal of Multilingualism*, 16(3), 302–316. <https://doi.org/10.1080/14790718.2018.1472268>
- De Los Reyes, R. A. (2024). *Translanguaging in multilingual elementary classrooms in the Philippines*. *World Englishes*, 43(4), 678–692. <https://doi.org/10.1111/weng.12672>
- Igarashi, T., Maulana, S., & Suryadarma, D. (2024). *Mother tongue-based education in a diverse society and the acquisition of foundational skills: Evidence from the Philippines*. *Labour Economics*, 91, 102641. <https://doi.org/10.1016/j.labeco.2024.102641>





TALAS

Mga balita, tampok, at sanaysay

Metila, R. A., D'Agostino, T. J., & Iwasaki, E. (2025). *Why the Philippines reversed its mother-tongue instruction policy: Tracing the erosion of political priority for first language-based education in the Philippines*. *International Journal of Educational Development*, 118, 103408. <https://doi.org/10.1016/j.ijedudev.2025.103408>

Parba, J. (2018). *Teachers' shifting language ideologies and teaching practices in Philippine mother tongue classrooms*. *Linguistics and Education*, 47, 27–35. <https://doi.org/10.1016/j.linged.2018.07.005>

DETALYE NG ARTIKULO

T-0000020; Natanggap: April 26, 2026; Tinanggap: April 28, 2026; Nailathala: April 30, 2026

SIPI:

Ringor, L. G. (2026). *Pagtuturo sa Sariling Wika: Ang Hamon ng Pagpapanatili ng Lokal na Wika sa Paaralan*. Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay. DOI: 10.64591/qzfbex88

KARAPATANG-AUTOR

© 2026 ng may-akda. Ang Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay ay inilalathala ng Harness Mind Publishing. Ito ay isang Open Access na artikulo na ipinamamahagi sa ilalim ng mga tuntunin ng Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), na nagpapahintulot sa muling pamamahagi at pagpaparami sa anumang anyo o midya, basta't kinikilala ang orihinal na akda.



Harness Mind
Publishing

